

PARA SA AGARANG PAGLAB AS

Hinihiling ng Lungsod ng Brampton sa lahat ng empleyado ng Lungsod na magpa-test para sa COVID-19 habang dinadagdagan ng Pamahalaan ng Ontario ang kapasidad ng testing sa mga lokal na testing center

BRAMPTON, ON (Mayo 25, 2020) – Sa araw na ito, hinihiling ng Lungsod ng Brampton sa lahat ng mga empleyado ng Lungsod na magpa-test para sa COVID-19 sa kanilang lokal na health unit. Inirerekumenda ng Lungsod na ang lahat ng empleyado na naniniwalang nalantad sila o nahawahan ng COVID-19 ay magpa-test. Ang hiling na ito ay sumusunod sa pasya ng Pamahalaan ng Ontario na magbigay ng karagdagang kapasidad sa pag-test at suriin ang lahat ng indibidwal na humihiling nito.

Ang Peel Public Health ay inatasan ng Ontario Health na umpisahan kaagad ang pag-test sa sinuman na bibisita sa lokal na testing center at hindi tanggihan ang sinuman. Ang mga residenteng humihiling na magpa-test ay hindi na kailangang i-refer sa isang testing center ng Telehealth Ontario, Primary Care, o Public Health.

Aktibong gumagawa ng mga hakbang ang Lungsod para makatulong na ma-flatten ang curve o hindi na dadami pa ang mga kaso at matigil ang pagkalat ng COVID-19 sa Brampton sa pamamagitan ng karagdagang mga pamamaraang pangkaligtasan sa mga pasilidad ng Lungsod at sa Brampton Transit, at pagsasara ng mga programa at mga serbisyo na humihikayat ng malaking pagtitipon o nagpapahirap sa paglayo mula sa iba.

Itatala ng Ministry of Health ang lahat ng testing center sa [website ng Lalawigan](#), kabilang ang mga lokasyon, para madaling mahanap ng publiko at mga empleyado ang mga testing center. Pinapasalamat ng Lungsod ang commitment ng Panlalawigang Pamahalaan na dagdagan ang testing at mga assessment, at makikipagtulungan sa mga lokal na ospital para padaliin ang mobile na assessment sa mga worksite ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo ng Lungsod.

Hinihikayat din ng Lungsod ang mga lokal na negosyo, sa pamamagitan ng Brampton Board of Trade at Downtown Brampton BIA, na humiling na ang mga empleyadong nagtatrabaho sa mga negosyo na muling nagbukas sa mga pinakahuling linggo ay magpa-test din.

Mga Quote

“Nakipag-usap ako sa Premier kahapon at nahihikayat ng pagtaas sa kapasidad ng pag-test sa buong lalawigan. Tinatanggap natin ang hiling ng Pamahalaan na ang mga walang sintoma ay iti-test kung may COVID-19, para ang Brampton ay mamumuno sa pamamagitan ng halimbawa sa Ontario sa pamamagitan ng paghiling sa mga empleyado ng Lungsod na magpa-test para matigil ang pagkalat ng COVID-19.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipagtulungan sa ating mga partner sa lokal na kalusugan at sa ating mga partner sa paggawa para labanan ang COVID-19 at alam natin na ang karagdagang testing ay ginagampanan ang tungkulin na pababaan ang epekto nitong virus sa populasyon ng Brampton, lalo

na sa ating mga empleyado sa mahalaga at kritikal na serbisyo. Magkasama, patuloy tayong magsisikap na itigil ang pagdami ng kaso at ihinto ang pagkalat.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang kritikal na serbisyo na naglilipat sa mga residente sa buong Brampton sa panahon nitong pandemic, ginagawa ng ating mga manggagawa ang kanilang mga trabaho at nagpupunyagi sa mga frontline. Sinusuportahan natin na ma-test ang ating mga miyembro nang maagap para mapanatili natin sila at ang ating mga rider sa transit na ligtas, habang nagtutulungan tayo na mapahinto ang pagdami ng kaso.”

- *Frank Vani, Presidente, Amalgamated Transit Union, Lokal 1573*

“Ginagawa ng ating unang mga responder ang kailangang mga hakbang para matiyak na pinagpursigihan natin nang harapan ang COVID-19 pandemic. Kaugnay ng dumaming kapasidad para sa testing ng Lalawigan, matindi nating hinihikayat ang ating mga miyembro na magpa-test kahit na wala silang mga sintoma, para mabawasan natin ang pagkalat ng virus.”

- *Paul Lecompte, Presidente, Samahan ng Propesyonal na mga Bumbero sa Brampton, Lokal 1068*

“Ang ating mga miyembro ay patuloy na umaambag sa paghahatid ng mga serbisyo ng Lungsod sa mahirap na panahong ito at hinihikayat natin ang ating mga miyembro na maging bahagi ng solusyon para makakabalik tayo sa regular na negosyo sa lalong madaling panahon. Sa available na dumaming testing, inirerekumenda natin sa ating mga miyembro na magpasuri para magawa natin ang ating mga parte na sugpuin ang COVID-19.”

- *Union sa Canada ng mga Pampublikong Empleyado, Lokal 831*

-30-

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca